Modyul 5
Pagsulat ng Liham-Pangangalakal na Nag-aaplay sa Trabaho

Tungkol saan ang modyul na ito?

Sa tulong ng agham at teknolohiya, malayo na ang narating ng ating kabihasnan. Makabagong kagamitang nagpapadali ng mga gawain. Hindi naging mahirap ang pakikipagkomunikasyon sapagkat maraming maaaring gamitin gaano man kalayo ang kinaroroonan. Nariyan ang internet, fax, cellphone, telepono liham at iba pa. Maraming nakapagtatrabaho sa ibang bansa, nakahihiling, nakapagtatanong, nakapag-aanyaya at iba pang bagay na may kaugnayan dito dahil lamang sa tulong ng iba't ibang teknolohiya. Subalit, gaano pa man kamoderno ang sistema ng komunikasyon, hindi rin maipararating sa kinauukulan kung hindi tayo marunong bumuo ng liham na nagsasaad ng mga bagay na nais nating iparating. Mahalagang malaman o matutunan ang mga impormasyong nararapat na maging sangkap ng liham na ipadadala upang makatiyak ng maagap na pagtugon.

Sinasabing salamin ng pagkatao ang liham. Mababakas dito ang pag-uugali ng sumulat sapagkat ito ang ekspresyon ng damdamin at kaisipan kaya't kung lilliham tayo, tiyaking ito'y malinis at nasa maayos na kalagayan.

Ano ang matututunan mo?

Nakasusulat ng liham-pangangalakal na nag-aaplay sa trabaho

Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin. Huwag kang mag-alala, sundin mo ang mga sumusunod:

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsubok, ang bahaging "Anu-ano na Ba ang Alam Mo?" Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.

2. Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Pag-aralan mo na ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo ang mga dapat gawin.

4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging "Gaano ka na Kahusay?" Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng Susi.

5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk.

6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.

Ano ba ang alam mo?

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong mataya ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang liham-pangkalakal na liham pag-aaplay. Isaalang-alang ang pagtatalata. Bilang lamang ang isulat.

1. Teresa's Flower Shop
   P.O. Box 1020
   Manila

2. 24 Dalaga Street
   Balut, Tondo, Manila
   Agosto 20, 2005

3. Ako po ay labing-anim na taong gulang at nasa ikaapat na taon ng mataas na paaralan. May karanasan po ako sa pagtatanim at pag-aalaga ng iba't ibang uri ng halaman noong ako'y nakatira pa sa probinsya. Sa palagay ko po'y makatutulong ang karanasan kong ito sa pakikipag-usap sa mga taong namimili sa inyong shop.

4. Lubos na gumagalang,
   Riza Polison

5. Nabasa ko po sa pahayagan ang inyong anunsyo hinggil sa pangangailangan ninyo ng isang receptionist na tatao sa inyong shop kung Sabado at Linggo. Nais ko pong magpresinta sa trabahong iyon.

6. Ginang:

7. Makatitiyak po kayong magiging mabuti akong receptionist. Hinggil sa aking magiging kakayahang makisalamuha sa ibang tao, makapagtatanong po kayo sa prinsipal ng aming paaralan, si G. Teofilo del Mundo, at aking gurong tagapayo na si Bb. Emerlita Bulacan ng Mataas na Paaralang Gregorio Perfecto.

8. Sanggunian:

   Gng. Eugenia R. Gorgon
   Prinsipal, G. Perfecto High School

Ricafort St., Tondo, Mla.

Gng. Jean Marquez
Barangay Chairwoman 373
Zone 38
Tondo, Manila

Nakahanda po akong makipanayam sa inyo sa anumang oras na inyong naisin.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Tutulungan ka ng Susi sa Pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

ARALIN 1: Paglalapat ng mga Batayang Kaalaman at mga Tiyak na Pamantayan sa Pagsulat ng Iba't Ibang Uri ng Liham-pangangalakal

Anu-ano ba ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nakikilala ang iba't ibang uri ng liham-pangangalakal
2. Nakapaghahanay-hanay ng mahahalaga at magkakaugnay na impormasyon
3. Natutukoy ang mahahalagang detalye o impormasyon sa binasa
4. Nakapagbibigay-reaksyon sa isang tiyak na modelo

Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?

Bawat liham na ating ginagawa ay may iba't ibang bahagi. Alam mo ba ang mga ito?

Piliin sa ibaba ang salitang tumutugon sa bawat bahagi ng balangkas ng liham

1. _____
_____
_____

2. _____,

3. _____
_____
_____

4. _____,

5. _____

Mga Pagpipilian:

Tirahan Petsa

Pamuhatan Bating Pangwakas

Lagda *Katawan ng Liham*

Bating Pambungad

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto. Hingin mo ito sa .

Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo…

Sa hirap ng buhay ngayon, maraming naghahanap ng trabaho subalit walang mapasukan. O, kung mayroon man, masyado silang mapili. Ang gusto'y sa malalaking tanggapan at ayaw sa mga ordinaryo lamang. Sa tulad mong mag-aaral, maaari ka ring kumita kung sasamantalahin ang pagkakataon. Maliit nga lamang ang suweldo subalit malaking tulong naman sa kabuhayan.

Basahin mo ang anunsiyong matatagpuan sa kasunod na pahina. Gugustuhin mo bang magtrabaho sa ganitong uri ng hanapbuhay?

Subukin kung masasagot mo ang mga katanungang may kaugnayan dito.



Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na katanungan.

1. Ang trabahong papasukan ng mag-aaplay ay _____
2. Ang bag ay gawa sa _____
3. Kung hindi makatatawag sa telepono upang makausap ang may-ari, maaari namang _____
4. Magsisimula ang trabaho sa _____
5. Ang anunsyo ay nakasulat sa _____

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

Gawain 1: Pagkilala sa iba't ibang uri ng liham-pangangalakal

Marahil ay naitanong mo: "Bakit kailangan pa akong mag-aral sumulat ng liham-pangangalakal? Hindi naman ako mangangalakal!"

Hindi nangangahulugang ang mga mangangalakal lamang ang kailangang mag-aral sumulat ng liham-pangkalakal. Maraming pagkakataong kailangan mong magsanay sa pagsulat ng ganyang uri ng liham.

May iba't ibang uri ng liham-pangangalakal. Pag-aralan mo ang halimbawa ng bawat isa at alamin kung anu-ano ang pagkakaiba ng bawat isa.

Liham sa patnugot- layunin ng liham sa patnugot ay makapagmungkahi ng mga bagay na makapagpapabuti sa mga pamamalakad, kilusan, patakaran o kalagayan ng iba't ibang larangan ng buhay maging ito'y pampamahalaan, panlipunan, pampaaralan, pansining o pang-agham. Kung minsan, sumasalungat o tumutuligsa sa isa o ilang bahagi ng isang isyu na sa palagay ng sumulat ay labag sa kapalaran ng maraming mamamayan. May mga pagkakataong nag-aanyo ito na papuri o dumadakila sa magigiting na lider-sibiko, pinuno ng pamahalaan, mga manunulat, pintor at iba pang alagad ng sining.

Liham-kahilingan- ang intensyon ng ganitong uri ng liham ay magpahayag ng isang tiyak na kahilingan. Nakasaad dito nang malinaw kung ano ang hinihiling at kung bakit ito hinihiling. Kailangan ding banggitin ang posibleng maging bunga kung ipagkakaloob ng sinulatan ang kahilingan ng sumulat.

Lihim-subskripsyon- ang liham na ito'y ipinadadala sa mga tanggapan ng mga pahayagan, magasin at komiks. Humihingi ito na padalhan ang lumiham ng babasahing lilimbag ng isang publikasyon sa loob ng panahong hinihiling niya na babayaran ayon sa itinakda ng publikasyon.

Liham-pag-aaplay- intensyon ng ganitong uri ng liham na makapasok sa trabahong nais aplayan. Dapat na maging maayos ang pagkakasulat nito dahil ito ay nag-iiwan ng magandang impresyon na nagnanais maglingkod.

Liham-pagtatanong- ang ganitong uri ng liham ay may intensyong maglinaw ng mga tiyak na impormasyon mula sa mga eksperto. Bahagi ng paglilinaw na gagawin ang paghingi ng mga kaukulang dokumento sa ikalilinaw ng isyung tinatanong.

Liham-pahintulot- ang intensyon ng ganitong uri ng liham ay magpahayag ng isang tiyak na kahilingan. Nakasaad dito nang malinaw kung ano ang hinihiling at kung bakit ito hinihiling. Kailangan ding banggitin ang posibleng maging bunga kung ipagkakaloob ng sinulatan ang kahilingan ng sinulatan.

Liham-paanyaya sa isang panauhin- ang mga impormasyong dapat taglayin ng liham na ito ay matapat, malinaw at maayos upang maging handa ang inaanyayang panauhin.

Liham sa puno ng barangay- ang liham na ito'y matapat, magalang at maayos na isinusulat. Ito'y maaaring humingi ng tulong, naglalahad ng suliranin, nangangailangan ng aksyon, nagpapasalamat o bumabati sa nagawang tulong ng lider.

Naunawaan mo ba ang mga kaalamang inilahad ko? Kung mayroon kang hindi naunawaan, muli mo itong balikan at basahin upang maging malinaw ang lahat bago mo sagutin ang gawaing inihanda ko para sa iyo.

Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula!

Panuto: Isulat kung saang uri ng liham mababasa ang mga sumusunod na pahayag.

1. Ako po ay labing-anim na taong gulang at kasalukuyang nag-aaral sa Mataas na paaralang Magsaysay.

2. Dito po sa aming pook ay napakaraming mga kabataang tumigil sa kanilang pag-aaral. Kadalasa'y maghapon silang nakaistambay sa kalye kaya hindi maiwasang sila ang karaniwang pinagmumulan ng gulo.

3. Nais ko pong ipaabot sa inyong tanggapan ang pasasalamat dahil sa pagtalakay ninyo sa karagdagang buwis na nais ipataw ng pamahalaan sa mga alak at sigarilyo. Panahon na upang mamulat ang ating mga mamamayan sa iba't ibang sakit na dulot ng mga bisyong ito. Kung mataas nga naman ang presyo'y siguradong magdadalawang-isip na silang bumili.

4. Kayo po ang napili naming anyayahan dahil batid po namin ang inyong kakayahan at lawak ng karanasan sa paksang tungkol sa mga batas sa paggawa.

5. Nais po sana naming magamit ang silid-aralan upang pagdausan ng halalan para sa kinatawan ng samahang Gabay ng Wika.

Gawain 2: Paghahanay ng mahahalaga at magkakaugnay na impormasyon.

Kung naging madali para sa iyo ang pagsulat ng liham-pangkaibigan, magiging madali rin sa iyo ang pagbuo ng liham-pangangalakal. Halos pareho ang anyo o bahagi subalit iba ang tono at nilalaman. Pormal ang liham-pangangalakal at iba-iba rin ang nilalaman ayon sa uri nito

.

Alam mo ba kung anu-ano ang bahagi ng liham-pangangalakal?

Basahin mo ang mga paliwanag sa ibaba upang maragdagan ang iyong kaalaman.

1. Pamuhatan- nasusulat dito ang numero, kalye at lungsod at ang petsa kung kailan isinulat ang liham.

Halimbawa: 1004 Pilar St.,
Tondo, Manila
Agosto 15, 2005

2. Patutunguhan- isinusulat sa bahaging ito ang pangalan ng sinulatan, katungkulan, departamentong nasasakop at kung saan ito matatagpuan (kalye at siyudad).

3. Bating pambungad- sinusulat sa bahaging ito ang pagbati sa taong susulatan.
   Halimbawa-

   Mahal na Gng. Reyes:
   Mahal na Dr. dela Cruz:

4. Nilalaman- nasusulat sa bahaging ito ang intensyon ng sumulat. Naaayon ito sa uri ng liham-pangangalakal.

5. Bating pangwakas- bating pagpapasalamat ng lumiham.
   Halimbawa:

   Lubos na gumagalang,
   Pauline Garcia

6. Pangwakas na pananalita- nasusulat dito ang paghiling sa pakikipag-ugnay.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Masasagot mo na kaya ang gawaing inihanda ko para sa iyo?

Magsimula ka na!

Panuto: Isulat sa dayagram na matatagpuan sa kasunod na pahina kung saang hanay nabibilang ang mga sumusunod na impormasyon.

1. G. Cristobal Perez
   Punong Barangay
   Baranggay 373, Sona 38

2. Mahal na G. Perez:

3. Lubos na gumagalang,

4. Hinihiling ko po, sampu ng mga kaibigan namin dito sa aming pook, na kung maaari ay magtayo kayo ng isang Center para sa mga kabataang huminto na sa pag-aaral.

5. Salvador Villanueva

Pangulo, Samahan ng mga kabataan

6. Kami po ay umaasang inyong pauunlakan ang aming kahilingan.

7. 2005 Tayuman St.,
   Sta. Cruz, Manila
   Agosto 20, 2005

Pamuhatan	Patutunguhan	Bating Pamdungad	Nilalaman	Pangwakas na Pananalita	Bating Pangwakas	Lagda

Gawain 3: Pagtukoy sa mahahalagang detalye o impormasyon sa binasa

Panuto: Basahin muna ang liham-pag-aaplay. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa kasunod na pahina.

Blk. 38, Lot 17 Area 3
Bgy. San Miguel I
Dasmariñas, Cavite

Santos Engineering
Fairview, Quezon City

Mahal na Ginoo:

Nabasa ko ang inyong palathala sa Daily Bulletin, Hulyo 10, 2005 na nangangailangan kayo ng mekaniko. Nais ko po sanang mamasukan sa inyong tanggapan.

Nag-aaral po ako ng pagmemekaniko sa Guzman Institute of Technology at nakapagtrabaho bilang mekaniko sa loob ng 2 taon sa Motorworks na matatagpuan sa Tundo, Maynila.

Handa po akong humarap sa inyong interbyu sa araw at oras na inyong itatakda.

Lubos na gumagalang,
Cesar Domasian

1. Ang sumulat ng liham ay nakatira sa _____
2. Ang kumpanyang sinulatan ay matatagpuan sa _____
3. Nabasa ng sumulat ang anunsiyo noong _____ sa pahayagang _____
4. Ang papasukang trabaho ay _____

5. Ang sumulat ay nakaranas nang makapatrabaho bilang mekaniko sa tanggapang_____
6. Ang pangalan ng sumulat ay _____
7. Ang uri ng liham-pangangalakal na nabasa ay isang _____
8. Ang bahagi ng liham na binasa ay binubuo ng _____
9. Ang dapat na paghandaan ng sumulat sa pakikipagharap sa may-ari ng tanggapan ay _____

Gawain 4: Pagbibigay ng reaksyon sa isang tiyak na modelo

Setyembre 5, 2005

Dr. Dolores S. Abad
Puno, Sangay ng Edukasyong Sekundaryo
Pambansang Punong Rehiyon
Kagawaran ng Edukasyon
Misamis St., Quezon City

Mahal na Dr. Abad:

Sa ngayon po ay kumukuha ako ng Bachelor of Science in Education sa Philippine Normal University. Ako po ay nagpapakadalubhasa sa Filipino. Bahagi po ng aking pag-aaral ay pagtuklas sa mga naging epekto ng patakarang bilinggwal sa pagtuturo ng Filipino sa hayskul. Sanhi po nito, nais ko po sanang magkaroon ng kabatiran kung ako ay may mga mga talang makukuha sa inyong tanggapan tungkol sa nabanggit na paksa. Nais ko rin po sanang mabatid kung mayroon na pong mga kaukulang batas na ipinatutupad tungkol dito.

Batid ko po na kayo'y lubhang abala sa inyong mga gawain subalit ang inyo pong kasagutan sa aking mga tanong ay makapagbibigay sa akin ng mga sapat na impormasyong kailangan sa aking pag-aaral. Sana po ay huwag ninyo akong bibiguin.

Umaasa at nagpapasalamat,

Arturo S. Cabuhat

Mula sa "Komposisyon…

Sumulat ka”
Ikaapatna na taon ni:
Arturo S. Cabuhat

Panuto: Piliin at isulat ang letra ng pinakawastong sagot sa bawat bilang

1. Ang binasang liham ay liham-pangangalakal na:
   a. humihingi ng pahintulot
   b. naglalahad ng suliranin
   c. nagtatanong sa isang eksperto
   d. humihiling ng trabahong mapapasukan

2. Alin sa mga sumusunod ang nararapat ilagay o isulat pagkatapos ng bating pangwakas at lagda?
   a. patutunguhan
   b. katungkulan
   c. sangguniang tao
   d. hanapbuhay

3. Sa simula pa lamang ng pangungusap ay mahihinuha nang ang sumulat ay isang taong:
   a. matalino
   b. masipag
   c. mapagpaumanhin
   d. magalang

4. Ano ang maaaring isulat sa itaas ng petsa?
   a. 1420 Molave St.,
      Tondo Manila
   b. Manila Science High School
      P. Faura, Taft Ave., Manila
   c. Western Police Dept.
      U.N. Ave., Manila
   d. Philippine General Hospital
      Cor. P. Faura, Taft Ave., Manila

5. Ang mga pahayag ng sumulat ay may himig:
   a. pagmamakaawa
   b. pagdaramdam
   c. pakikiusap
   d. pagpapakababa

6. Nagtatanong ang sumulat tungkol sa paksang kanyang sasaliksikin upang:
   a. magbakasakali
   b. makatiyempo
   c. makauna
   d. makatiyak

7. Ang sumulat ay gumamit ng salitang:
   a. malalalim
   b. payak
   c. matatalinghaga
   d. kolokyal

2. **Lagumin mo…**

Subukin mo kung gaano ang kaalamang iyong natutunan sa mga isinagawang gawain sa pamamagitan ng pagsagot sa pagsasanay na aking inihanda.

Panuto: Basahing mabuti ang halimbawang liham-pangangalakal. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan. Letra lamang ang isulat.

1388 Pagkakaisa St.,
Makati, Rizal
Agosto 27, 2005

Ang Patnugot
The Philippine Panorama

Mahal na Ginoo:

Ang pelikula ni Lino Brocka, Maynila: Sa mga Kuko ng Liwanag ay isang pambihirang paglalahad ng katotohanan. Inilarawan ang tunay na Maynila. Nagtagumpay ang palabas at nagbigay ng malaking karangalan sa Pelikulang Pilipino hindi dahil sa husay ng kanyang mga artista kundi dahil sa diwa at sa namatnugot nito. Ipinamalas ang kahalayan sa gitna ng isang trahedya. Patuloy na ang pag-unlad ng ating pelikula at unti-unting nawawala ang maraming iyakan at sa wakas, nagkaroon ng matataas na uri ng trahedyang batay sa mga kauri nito sa Gresya.

Bagama't may kahinaan ang palabas, gaya ng pagkahumaling sa homosekswal, mababagal na mga tagpo, maraming paulit-ulit na flashback, at ang ingay ng pagpapatayo ng gusali na nakagagambala sa mga diyalogo, ang pelikula ay mabisang paglalahad ng kapalaran ng mga manggagawa, ng mga umaalingasaw na amoy ng tao, ng hiyawan sa mga grasang pintura ng lunsod sa araw. Malungkot nga ang Maynila, subalit sa labis na sigla ng direktor, ang tubig, ang wika nga ay tumapon sa baso. Iniwan ng mga manonood ang teatro nang may lumbay sa panimdim.

Kapuri-puri ang mga artista at kapani-paniwala ang kanilang pagganap. Bagamat si Rafael Rocco ay baguhan, napaniwala niya ang mga manonood sa kanyang kahusayan sa pagganap. Gaya ng iba pang pelikula ni Brocka, ang Maynila: Sa Kuko ng Liwanag ay nakaantig ng damdamn at naanod ang manonood sa pagdidilidili.

1. Wala pang kapantay ang Tinimbang ka Ngunit Kulang,
   a. puno ng barangay c. pagpupuri
   b. patnugot d. paanyaya

2. Ang layunin ng liham ay:
   a. magbigay-papuri c. magbigay-puna
   b. magmungkahi d. magpaunawa

3. Binanggit sa liham ang:
   a. kalakasan at kahinaan ng palabas
   b. kabutihang dulot sa buhay
   c. katangian ng industriyang Pilipino
   d. kaunlaran ng mga pelikulang Pilipino

4. Ang unang talata ay tumalakay sa:
   a. pagsulong ng mahuhusay na pelikula
   b. pagpapahalaga sa pelikula
   c. pagpuna sa magagandang bahagi ng pelikula
   d. pagpapabuti ng mga pelikula

5. Ang nagsulat ng liham ay nagmula sa:
   a. Rizal
   b. patnugot
   c. Panorama
   d. Maynila

6. Ang talatang bumubuo sa liham ay:
   a. 3
   b. 4
   c. 5
   d. 6

7. Ang mga sumusunod ay binanggit sa liham maliban sa:
   a. Maihahanay na ang ating mga pelikula sa gawa ng Gresya.
   b. Inilarawan sa pelikulang "Maynila: Sa mga Kuko ng Liwanag" ang tunay na larawan at kalagayan ng siyudad na ito.
   c. Itinampok sa pelikula ang kapalaran ng mga manggagawa, mga mapagsamantalang mangangalakal at patuloy na paghihirap ng mga mamamayan.
   d. Mahusay ang pagkakaganap ng mga artista sa papel na kanilang ginampanan.

8. Inilahad ng sumulat ang kanyang saloobin ayon sa:
   a. pagpapangkat-pangkat ng kaisipan
   b. sanhi at bunga ng mga pangyayari
   c. kaugnayan ng mga impormasyon sa paksa
   d. paglalarawan ayon sa emosyon

9. Nasunod ng liham-pangangalakal ang wastong sangkap nito:
   a. sumasang-ayon
   b. di-sumasang-ayon
   c. labis na di-sumasang-ayon
   d. labis na sumasang-ayon

10. Kung ikaw ang magwawakas ng liham, alin sa mga sumusunod ang sa tingin mo ang angkop sa liham-pangangalakal na ito?
    a. Karapat-dapat lang papurihan ang lahat ng mga taong nasa likod ng pelikulang "Maynila…."
    b. Panoorin ninyo ang pelikulang "Maynila…" tiyak na di kayo magsisisi

c. Subukan ninyo at mapatutunayan ninyo ang lahat ng aking sinabi
d. Ito lamang ang pelikulang tutugon sa inyong panlasa.

2. Subukin mo…

Panuto: Isulat kung anong uri ng liham-pangangalakal ang nararapat na isulat ng taong nahaharap sa iba't ibang sitwasyon o kalagayang binabanggit sa mga sumusunod na bilang.

1. Nabasa niya sa pahayagan ang isang anunsiyo tungkol sa pangangailangan ng tagapagtinda sa isang panaderya. Bakasyon naman, wala siyang ginagawa at nais niyang kumita.

2. Naghahanda ang mga mag-aaral para sa pagdiriwang ng palatutunan ng Buwan ng Wika. Isa sa kanilang problema ang pagkuha ng panauhing tagapagsalita.

3. Laging marumi sa kanilang pamayanan. Hindi nahahakot ang mga basura kaya't dumarami ang langaw. Alam nilang kapag nagpatuloy ang ganitong sitwasyon, tiyak na kakalat ang iba't ibang uri ng sakit. Isang tao lamang ang alam nilang makatutugon sa kanilang suliranin.

4. Nais ng mga mag-aaral na magdaos ng pulong sa awditoryum ng paaralan. Alam nila ang prosesong nararapat isagawa upang maisakatuparan ang kanilang plano.

5. Nagustuhan niya ang nilalaman ng magasing kanyang binasa. Nais din sana niyang magkaroon ng kopya sa bawat buwan. Nabasa na niya kung magkano ang dapat ibayad sa kompanyang naglilimbag nito.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

3. Paunlarin mo…

Panuto: Isulat ang letra ng wastong sagot na makikita sa kasunod na pahina na tumutugon sa iba't ibang uri ng liham-pangangalakal na isinasaad ng bawat bilang.

1. Hinihingi ko po ang inyong kapahintulutang magamit ang inyong aklatan upang makapanaliksik.

2. Nais ko po sanang magkaroon ng kabatiran kung ako po'y may makukuhang impormasyon sa inyong tanggapan tungkol sa talambuhay ng mga piling manunulat noong pagkatapos ng himagsikan.

3. Nais ko pong magkaroon ng sipi ng babasahin ninyong Banawag. Kalakip po ng liham nito ang tsekeng may halagang P200 gaya nang halagang inyong itinakda.

4. Sana'y maaksyunan po ninyo ang suliraning iniluhog namin upang maging mapayapa at ligtas sa kapahamakan ang lahat ng mamamayang inyong nasasakop.

5. Lubos naming ikasisiya ang inyong pagdalo sa pagdiriwang ng aming Foundation Day.

Pagpipilian:

A. Liham sa patnugot
B. Liham-kahilingan
C. Liham-subskripsyon
D. Liham-pag-aaplay
E. Liham-pagtatanong
F. Liham-pahintulot
G. Liham-paanyaya
H. Liham sa puno ng barangay

ARALIN 2: Pagsulat ng isang Liham-pangangalakal na nag-aaplay

Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Naisasagawa ang pagsulat ng isang liham-pangangalakal na nag-aaplay sa tulong ng kaalaman sa wastong pormat at nilalaman

2. Nagagamit nang wasto ang mga kaalaman sa:
   2.1. wastong gamit ng bantas
   2.2. wastong baybay
   2.3. kawastuang gramatikal

3. Nakasusunod sa tiyak na modelo

4. Nakasusulat ng isang maayos na liham-pangangalakal na nag-aaplay

Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?

Ang isang taong nag-aaplay ng trabaho ay kailangang gumawa ng isang "bio-data".

Dito isinusulat ang mga personal na datos gaya ng pangalan, tirahan, pag-aaral, at karanasan sa trabaho.

Nakakita ka na ba ng halimbawa nito? Alam mo ba kung ano ang pormat nito?

Sagutin at punan mo ang may tsek (/) ng kinakailangang impormasyong makikita sa ibaba ng hinihingi sa bio-data upang malaman kung gaano kalawak ang iyong kaalaman tungkol dito.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

I. Mga Datos na Personal

A. Pangalan: _____/_____/_____/_____
(Apelyido) (Pangalan) (Gitnang Pangalan)

B. Tirahan: _____/_____ _____/_____ _____/_____
(numero) (kalye) (lunsod)

C. Petsa ng kapanganakan: _____/_____ ____/_____ ____/_____
(buwan) (araw) (taon)

D. Katayuang Sibil: _____ Lahi: _____

E. Taas: _____ Timbang: _____

F. Mga Magulang:
Ama: _____ Hanapbuhay: _____
Ina: _____ Hanapbuhay: _____

II. Pag-aaral

Paaralan

A. Elementarya: _____/_____ Taon nang matapos: __/___

B. Sekundarya: _____/_____ Taon nang matapos: __/___

C. Kolehiyo: _____
Kurso: _____

D. Mga Karangalang Natamo:
1. _____
2. _____

III. Karanasan
Rekord ng naging trabaho
Kompanyang pinasukan: _____
Posisyon: _____
Petsa: _____ Mula: _____ hanggang: _____

IV. Sanggunian:

Pangalan	Tirahan	Posisyon
1. _____	_____	_____
2. _____	_____	_____
3. _____	_____	_____

Lagda ng Aplikante: _____

Rebecca Ortiz	Walang asawa
Ortiz, Rebecca R.	Mag-aaral
2906 Rizal Ave. Sta. Cruz, Mla.	Bonifacio Elementry School
2906 Sta.Cruz Mla. Rizal Ave.	Elementary School Bonifacio
Setyembre 23, 1989	2001
1992, Setyembre 23	2004
Filipino	Manila Science High School
Pilipino	High School-Manila Science

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo…

Sa pag-aaplay ng trabaho, dapat na maging malinaw sa iyo kung ano ang mga impormasyong isinasaad sa anunsiyong iyong nabasa o nais aplayan. Mahalaga ito upang di-mapahiya o makatiyak sa trabahong nais pasukan.

Basahin mo ang anunsiyo sa kasunod na pahina. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Nangangailangan!!!
checher para sa isang supermarket

- Tapos sa haiskul
- Matapat at mapagkakatiwalaan
- Pamilyar sa iba't ibang produkto
- Isang taong karanasan bilang checker
- Ipadala ang aplikasyon sa

MLG Supermart
Quirino highway
Novaliches, Quezon City.

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na katanungan.

1. Sino ang maaaring mag-aplay ayon sa isinasaad na anunsiyo?

2. Ano ang trabahong kailangan ng supermarket?

3. Ano ang dapat ipadala upang malaman ng supermarket na interesado ka sa posisyong kanilang kailangan?

4. Anong 2 katangian ang dapat taglayin ng naghahangad mag-aplay?

5. Saan matatagpuan ang MLG Supermarket?

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingin ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

Gawain1: Pagsulat ng liham pag-aaplay sa tulong ng kaalaman sa wastong format at nilalaman.

Bago mo sagutan ang gawaing inihanda ko, basahin mo muna ang mga kaalamang aking ilalahad upang makatulong sa gagawin mong pag-aaral.

Sa pagsulat ng Liham-pag-aaplay, nararapat isaalang-alang ang mga sumusunod:

1. Ilalahad ang mahalagang kaalaman tungkol sa sumulat at ang layunin niya sa pagsulat.

2. Banggitin ang pinagkunan ng anunsyo, ang gulang, ang natapos na pag-aaral, mga karanasan, at ang mga taong nagrerekomenda sa kanya.

3. Ilahad ang mga kaalamang hinihingi sa anunsiyo.

4. Suriing mabuti ang katumpakan ng mga pangungusap upang maiwasan ang kalabuan ng mga kaisipan.

5. Iwasan ang mga pagdadaglat ng mga salita.

Balangkas ng Liham-pag-aaplay

1. Kahilingan sa isang tiyak na Gawain

2. Mga katangian
    a. natapos na pag-aaral
    b. karanasan

3. Kaalaman tungkol sa sarili
    a. pagkatao
    b. mga katangian

4. Mga taong mapagtatanungan tungkol sa pagkatao

5. Pangwakas na pananalita o paghiling sa pakikipag-ugnay

Tulad ng ibang liham-pangangalakal, hindi rin naiiba ang format ng liham-pag-aaplay. Ang tanging ikinaiba nito'y may tinatawag na "sanggunian" na nasusulat sa ibabang bahagi ng liham. Dito'y matatagpuan ang pangalan ng mga taong maaaring sangguniin ng kompanyang inaaplayan. Inilalagay rin sa ilalim ng pangalan ang kanilang posisyon, kompanyang pinaglilingkuran at kung saan ito matatagpuan. Subalit kung binanggit na ito sa liham ay di-na kailangan ng sanggunian sa ibaba.

Sanggunian:

Gng. Luz I. Obong
Puno ng Kagawaran
Macario Asistio High School
Kalookan City

G. Rodolfo F. de Jesus

Professor, Feati University
Sta. Cruz, Manila

Panuto: Punan ng mga impormasyon ang mga blangko sa liham.

75 Unang Hakbang
Galas, Quezon City
Marso 15, 2005

(1)_____
_____
_____
_____

Ginang:

Nabasa ko po sa karatulang nasa harap ng inyong tanggapan ang inyong anunsyo hinggil sa pangangailangan ninyo ng mensahero. Nais ko pong magprisinta sa trabahong iyon.

(2)_____
_____
_____
_____. (3) _____
sa palagay ko po'y makatutulong ang karanasan kong ito upang lalo ko pong magampanan nang buong husay ang gawaing ipagkakatiwala ninyo sa akin.

Makatitiyak po kayong magiging mabuti akong mensahero. (4) _____
_____(5) _____
_____
(6)_____
_____
(7) _____
_____
_____

Pagpipilian:

Lubos na Gumagalang,
Oscar Hernandez

Hinggil sa aking magiging kakayahang gumanap sa iba't ibang trabaho, makapagtatanong po kayo sa prinsipal ng aming paaralan, si G. Ferdinand Tenioso;

G. Pablo Braceros
Personnel Officer
JEAR Publishing House
Sta. Cruz, 2906 Manila
Ako po ay labimpitong taong gulang. At nasa ikaapat na taon ng mataas na paaralan .

At sa aking gurong tagapayo na si Bb. Gloria Apolinario ng Mataas na Paaralang Ramon Magsaysay.

Nakahanda po akong makipanayam o kumuha ng pagsusulit na ibibigay ng inyong tanggapan anumang araw o oras na inyong itatakda.

May karanasan na po ako sa pagiging mensahero. Ito po ang naging trabaho ko sa tanggapan ng aking tiyo noong nakaraang bakasyon kaya po alam ko ang pasikut-sikot dito sa kalakhang Maynila.

Gawain 2: Paggamit nang wasto ng mga kaalaman sa:

A. Wastong gamit ng bantas

- Tutuldok (**:**)

Ginagamit ang bantas na tutuldok

1. Sa simula ng sunud-sunod na tala

   Hal. Ang mga sumusunod ay mga sagisag ng ating bayan: bandilang may araw at bituin, bulaklak ng sampaguita, punungkahoy na nara, isdang bangus, damit-Pilipina at barong-tagalog.

2. Sa salitang pambati ng liham-pangangalakal.
   Hal. Mahal na Ginoo:

3. Sa simula ng mahabang tuwirang pagsasalita

4. Sa oras na tambilang
   Hal: ika-4:00

- Kuwit (**,**)

Ginagamit ang kuwit

1. Sa paghihiwalay ng mga salita, parirala o sugnay

2. Sa pagitan ng petsa at ng taon
   Hal. Hunyo 19, 2005

3. Sa bating panimula at bating pangwakas sa isang liham

   Hal. Mahal kong Merly,
   Ang iyong kaibigan

- Gitling (-)

Ginagamit ang gitling

1. Sa salitang nahahati sa magkasunod na taludtod
   Hal. kara-
   ngalan

2. Sa salitang inuulit
   Hal. Bayan-bayan, araw-araw

3. Sa pagitan ng panlaping nagtatapos sa katinig at sa salitang ugat na nagsisimula sa patinig.
   Hal. pag-asa, pag-ibig

4. Sa pagitan ng ika at tambilang
   Hal. ika-5, ika-30

5. Sa halip ng nawawalang kataga sa pagitan ng dalawang salita.
   Hal. bulaklak-parang, liham-pangangalakal

- Tuldok (.)

Ginagamit ang tuldok

1. Sa katapusan ng pangungusap na paturo at pautos

2. Sa nag-iisang letra na pangalan ng tao at sa salitang dinaglat
   Hal. M. L. Quezon, G., Gng.

3. Sa tambilang at titik sa mga bahagi o balangkas

   Hal. 1.
   a.
   b.

Naging madali ba para sa iyo ang mga impormasyong inilahad ko. Kung gayon, nangangahulugan lamang iyan na handang-handa ka na sa gawaing inihanda ko.

Panuto: Lagyan ng kaukulang bantas ang mga patlang sa bawat bilang

G (1) Arsenio L (2) Cruz
Personnel Officer
LJF Publishing House
2341 Sampaguita St (3) (4) Mandaluyong City

Mahal na G (5) Cruz (6)

Ito po ay bilang pagpapahayag ko ng interes na maging kawani ng inyong kompanya bilang isang Executive Assistant (7) Batid ko po na tinataglay ko ang mga katangiang hinahanap ng inyong kompanya para sa nabanggit na posisyon (8) Kung bibigyan po ng pagkakataon (9) maipapakita ko sa inyo ang aking dedikasyon at kakayahan.

Kalakip po nito ang aking bio (10) data at mahahalagang dokumentong hinihingi ng inyong tanggapan (11)

Umaasa po ako na bibigyan ninyo ng atensyon ang liham kong ito (12)

Nagpapasalamat (13)

Mariano H (14) Santos
Aplikante
Sanggunian (15)

Nora R (16) Esteban
Professor (17) MLQ University
Hidalgo (18) Quiapo (19) Manila

B. Wastong Baybay

Ang 20 ponema sa Alfabetong Filipino ay nadagdagan ng 8 dahil sa pagrevisa ng alfabeto. Ang dagdag na walong letra ay C, Q, Ñ, X, F, J, V, at Z. May tiyak na tuntunin sa paggamit ng 8 letrang ito.

Mga tiyak na tuntunin na gamit ng walong (8) letra.

1. Letrang C
   a. Panatilihin ang letrang C kung ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo.
      Hal. Calculus, corsage

      b. Palitan ang letrang C ng letrang S kung ang tunog ay /S/ at ng letrang K kung ang tunog ay /K/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang C.
      Hal. participant – partisipant
      magnetic – magnetik

2. Letrang Q

a. Panatilihin ang letrang Q kung ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo

quotation	quad
quantum	opaque

b. Palitan ang letrang Q ng letrang KW kung ang tunog ay /KW/ at ng letrang K kung ang tunog ay /K/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang Q.

Hal. quarter – kwarter	quorum – korum
Sequester – sekwester	quota – kota

3. Letrang Ñ

a. Panatilihin ang letrang Ñ ng mga letrang NY kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang Ñ.

Hal. piña – pinya	paño – panyo
cariñosa – karinyosa	bañera – banyera

4. Letrang X

a. Panatilihin ang letrang X kung ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo

Hal. axion	wax
exodus	xylem

b. Palitan ang X ng KS kung ang tunog ay /KS/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang X.

5. Letrang F

Gamitin ang letrang F para sa tunog /f/ sa mga hiram na salita.

Hal. French fries	fraternity
Lifeguard	foto

6. Letrang J

Gamitin ang letrang J para sa tunog na /j/ sa mga hiram na salita

Hal. jam	sabjek
juice	jaket

7. Letrang V

Gamitin ang letrang V para sa tunog /v/ sa mga hiram na salita

Hal. verbatim	varayti
video	volyum

8. Letrang Z

Gamitin ang letrang Z para sa tunog /z/ sa mga hiram na salita

Hal. zebra	zoo
zinc	magazine

Mahirap bang tanggapin ang mga ito kapalit nang nakasanayan mo? Talagang ganyan. Wala raw permanenteng bagay sa mundo. Magbabago ang lahat. At dahil ang wika ay buhay,

inaasahan talagang may pagbabagong magaganap sapagkat umaayon ito sa pangangailangan ng gumagamit.

Subukin mo ngayon kung gaano mo naunawaan ang mga impormasyong pinag-aralan mo.

Panuto: Iwasto ang mga salitang may salungguhit ayon sa tuntunin ng ispeling sa revisyon ng alfabeto.

1. Nakapaglingkod po ako ng 1 taon bilang mensahero sa tanggapang central sa aming bayan.
2. Ako po ang tumatanggap ng mga card ng pasyenteng nagpapakonsulta sa klinika ng aking tiya.
3. Kami ang tagapaglinis ng napakalaking kwadrangel ng aming paaralan.
4. Natitiyak ko pong taglay ko ang mga qualifikasyong hinahanap ninyo sa isang manggagawa.
5. Malapit lamang ang aming tirahan sa simbahan ng Sto. Ninyo sa Tundo.
6. Naging kawani po ako ng La Tondenya sa loob ng 5 taon.
7. Gumagawa po kami ng iba't ibang uri ng dyam tulad ng ube, strawberry, mangga at piña.
8. Tinuruan kaming manahi ng shirts at blouse sa subject na T.H.E.
9. Pinag-aralan namin sa Agham ang iba't ibang sakit na dulot ng bayrus.
10. Maaari po akong magturo ng iba't ibang isports tulad ng balleybol.
11. Handa po akong kumuha ng exam na ibibigay ng inyong tanggapan.
12. Madalas po akong maging pasiliteytor sa mga panayam na idinaraos sa aming paaralan.

C. Kawastuang Gramatikal

Sa pagpapahayag ng mga pangyayari o pagbibigay ng impormasyon, lubhang mahahalaga ang wastong paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita; lalung-lalo na ang mga pandiwa.

1. Ano ba ang pandiwa? Ang pandiwa ay mga salitang nagbibigay-buhay sa pangungusap. Ito ay nagsasaad ng kilos o galaw.

   May tatlong aspekto ang pandiwa

   1. Naganap- nangangahulugang ang kilos na isinasaad ay tapos na.
      Halimbawa:
      Nagpadala siya ng liham sa tanggapan ng alkalde.

   2. Nagaganap- ang kilos ay kasalukuyang nagaganap.
      Halimbawa:
      Binabasa niyang mabuti ang mga impormasyong isinulat niya.

   3. Magaganap- ang kilos ay di-pa nagaganap kundi gagawin pa lamang.

Halimbawa:

Tatanungin niya ang katugunan ng tanggapang pinadalhan niya ng liham.

Panuto: Isulat ang wastong aspekto ng pandiwang nasa loob ng panaklong.

1. (Basa) ko po sa pahayagang Daily Inquirer na ang inyong tanggapan ay nangangailangan ng kalihim.
2. Hindi na po ako (aksaya) ng panahong magpadala ng sulat sa inyo.
3. (Trabaho) po ako bilang kalihim sa tanggapan ng aking kapatid noong bakasyon.
4. (Aral) pa rin po ako ngayon sa Mataas na paaralang Aguinaldo.
5. (Tulong) ako bilang tagapagtinda sa kantina ng aming paaralan.
6. Taglay ko ang mga katangiang (hanap) ninyo sa isang kawani.
7. Masipag po ako di (liban) sa klase.
8. Handa po akong humarap sa isang panayam sa araw at oras na inyong (takda).

2. Gamit ng Panghalip

Ano ang panghalip? Panghalip ang tawag sa mga salitang inihahalili sa pangngalan.

Halimbawa:

Si Alma ay naging kawani sa isang sikat na tanggapan.
Siya ay naging kawani sa isang sikat na tanggapan.
Ang pangngalang Alma ay pinalitan ng panghalip na siya.

Isa sa uri ng panghalip ang panghalip panao. Ito ang ginagamit na panghalili sa ngalan ng tao.

Halimbawa:

Si G. Cruz ay professor sa asignaturang Matematika.

Ang si G. Cruz ay maaaring palitan ng niya, kaya't ang pangungusap ay magiging:

Siya ay professor sa asignaturang Matematika

Ang mga halimbawa ng panghalip panao ay siya, ako, ikaw, tayo, sila, akin. iyo, atin, namin atbp.

Pinapangkat ang panghalip ayon sa kailanan o bilang ng tinutukoy; kailanan o bilang ng tinutukoy; kailanang isahan, kailanang dalawahan, at kailanang maramihan.

Mga halimbawa:
Isahan- ako, ikaw, niya, akin, iyo
Dalawahan- kata (nangangahulugang ikaw at ako)
Maramihan- kayo, sila, ninyo, nila, inyo

May mga pagkakataong ang maramihang anyo ng panghalip ay tumutukoy sa isang tao lamang. Ginagamit ito bilang "paggalang".

Halimbawa:
Ano po ang kailangan nila?
Sino po sila?

Ang nila at sila ay nasa kailanang maramihan subalit tinutukoy na tao ay isa lamang.

Naging maliwanag ba para sa iyo ang mga kaalamang aking inilahad? Kung gayon, tiyak na magiging madali para sa iyo ang gawaing inihanda ko.

Maaari ka nang magsimula!

Panuto: Isulat kung isahan, dalawahan, maramihan ang mga panghalip na nasasalungguhitan sa talata.

Nabasa ko po sa (1)inyong anunsiyong nakapaskil sa harap ng inyong pabrika na nangangailangan (2)kayo ng mananahi. Nais (3)ko po sanang mag-aplay.

Kasalukuyan po akong nag-aaral sa ikaapat na taon sa Mataas na Paaralang Lacandula. May karanasan na po (4)ako sa pananahi sapagkat tinuruan po (5)kaming manahi ng (6)aming gurong si Bb. Alegre sa Asignaturang T.H.E. Sa katunayan, puring-puri po (7)niya ang (8)aking mga tinahi sapagkat ito raw ay malinis at maayos.

Makatitiyak po (9)kayong magiging masipag akong mananahi.

Nakahanda po akong makipanayam sa anumang oras na (10)inyong itatakda.

Gawain 3: Pagsunod sa Tiyak na Modelo

Marahil nagtataka ka kung bakit may nababasa kang mga liham-pangangalakal na iba ang anyo. Huwag kang malito sapagkat sa pagkakataong ito'y ipaliliwanag ko sa iyo ang pagkakaiba ng tatlong anyo ng liham-pangangalakal at ang dapat na gamitin sa pagsulat.

Tradisyunal

_____
_____
_____

_____
_____
_____

_____
_____
_____
_____

_____
_____
_____
_____

_____
_____
_____
_____

_____
_____

_____

_____

Semi-blak

Blak

_____ } Pamuhatan

_____ } Patutunguhan

_____ Bating Pambugad

NILALAMAN

_____ Pinagkukunan ng anunsiyo at layunin sa pagsulat o kahilingan ng isang tiyak na gawain.

_____ Mga katangian- natapos na pag-aaral at karanasan kaugnay sa posisyon o gawaing hinahangad

_____ Kaalaman tungkol sa sariling-pagkatao/ mga katangian at mga taong mapagtatanungan tungkol sapagkatao

_____ Pangwakas na pananalita/ paghiling sa pakikipag ugnay

_____ Bating Pangwakas

_____ lagda

Matapos mapag-aralan ang iba't ibang anyo at nilalaman ng bawat bahagi ng liham, natitiyak kong magagawa mo nang wasto ang gawaing inihanda ko.

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon batay sa modelong balangkas na ibinigay sa taas. Bilang lamang ang isulat.

1. Nakahanda po akong makipanayam anumang oras na inyong itatakda.

2. Reyes Beauty Salon
   514 Tayuman St.,
   Sta. Cruz, Manila

3. 615 Tindalo St.,
   Tondo, Manila
   Marso 28, 2005
4. Lubos na gumagalang,
   Rodelia Volante

5. Tinitiyak ko po sa inyong magiging masipag po ako sa trabahong inyong ipagkakatiwala sa akin.

6. Ako po ay 18 taong gulang at nakapagtapos ng isang taong kursong kosmetolohiya sa panggabing klase sa Mataas na Paaralang Araullo.

7. Mapatutunayan po iyan ni Gng. Atienza, ang aking guro sa T.H.E. at ni Gng. Murillo, na aking tagapayo.

8. Nakapagtrabaho na rin po ako bilang beautician sa loob ng 8 buwan sa Ellen's beauty Parlor sa Sta. Cruz, Maynila.

9. Mahal na Ginoo:

10. Napag-alaman ko po sa aking kaibigan na ang inyong shop ay nangangailangan ng beautician. Interesado po ako sa posisyong ito.

Gawain 4: Pagsulat ng Isang Maayos na Liham-pag-aaplay

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na liham-pag-aaplay. Isaalang-alang ang pormat, anyo, nilalaman, baybay at kayariang panggramatika.

1. Mahal na Gng. Benitez:

2. Gng. Diana Benitez
   Tagapamahala
   JEA Publication

Cubao, Quezon City

3. 1920 Dagupan
   Tondo, Manila
   Marso 23, 2005

4. Lubos na gumagalang
   Evelyn Jimenez

5. Nakahanda po ako sa panayam na inyong itatakda.

6. Nabasa ko po ang inyong anunsiyo sa pahayagang Daily Bulletin noong Marso 22, 2005 na kayo ay nangangailangan ng taga-edit.
7. Nagkaroon po ako ng karanasan bilang taga-edit sa aming pahayagang pampaaralan at namasukan na rin po sa F&B Publishing House bilang katulong sa pag-eedit.

8. Hinihiling ko pong ipaubaya ninyo sa akin ang naturang puwesto.

9. Malawak po ang aking karanasan sa mga gawaing may kinalaman sa pag-eedit at sanay na sanay sa mahirap na gawain.

10. Sanggunian:

    Gng. Eugenia R. Gorgon
    Punong-guro
    Perfecto High School

    Gng. Carmen L. Policina
    Guro, Pamamahayag
    Perfecto High School

2. Lagumin mo…

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang letra ng tinutukoy sa Hanay A.

A.	B
1. Ang kaasalang pagbati na siyang panimula ng isang liham, nasa kaliwang bahagi.	A. patutunguhan
2. Naglalaman ng tirahan o lugar ng sinusulatan, ang pangalan ng bahay-kalakal, kalye, lungsod at bilang ng zip code.	B. tutuldok
3. Ang kaasalang pamamaalam ng sumulat.	C. pag-aaplay
	D. kuwit
	E. mga katangian
	F. bating pambungad
	G. sanggunian
	H. semi-blak
	I. blak

4. Bahaging katatagpuan ng sumulat at kung kailan sinulat.
5. Bantas na ginagamit sa talaan ayon sa pagkakasunud-sunod, pagkatapos ng bating panimula.
6. Bantas na ginagamit sa pagitan ng petsa at taon, pagkatapos ng bating pangwakas.

7. Ang paksang nilalaman ng unang talata sa liham-pag-aaplay.
8. Tawag sa listahan ng mga taong maaaring sangguniin ng pinadalhan ng liham-pag-aaplay. Matatagpuan ito sa pinakababang bahagi ng liham.

9. Ang pinakabagong anyo ng liham-panga-ngalakal kung saan lagi nang nagsisimula sa gawing kaliwa.
10. Ang uri ng liham sa nararapat isulat kung nagnanais na makapasok sa isang trabaho.

J. pamuhatan
K. layunin sa pagsulat
L. bating pangwakas

2. Subukin mo…

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na liham-pag-aaplay. Isaalang-alang ang format, nilalaman ng liham.

1. Mahal na Ginoo:

2. Mapitagang sumasainyo,
   Jorge S. Conchu

3. Ang Tagapamahala ng Tauhan
   National Cash Register Corporation
   Ayala, Makati

4. 1362 Rubi Street
   San Andres Bukid, Manila
   Marso 25, 2005

5. Handa po akong kumuha ng pagsusulit na ibibigay ng inyong kumpanya.

6. Ako po ay labinsiyam na taong gulang, binata at may malusog na pangangatawan.

7. Napag-alaman ko po sa Booklet, Jobs in Manila, 2005 na ang inyong kumpanya ay nangangailangan ng tatlong machine operators para sa paglilimbag.

Hinihiling ko po na ipaubaya sa akin ang isa sa mga puwesto.

8. Dalawang bakasyon po akong tumulong sa gawaing ito bilang aprentis sa pagawaan ng NRC sa Makati, Rizal. Tatlong seminar na po ang aking nadaluhan tungkol sa kursong natapos ko. Kalakip po ng liham ang mga katibayan ng aking pagdalo.

9. Natapos ko po ang kursong bokasyonal sa Rodriguez Vocational High School noong Marso, 2003. Dito, nagkaroon ako ng dalawang taong pag-aaral sa kursong Machine Operator.

10. Sanggunian:

    Dr. Hilarion Nudas
    Pangulo
    Rodriguez Vocational School
    Pandacan, maynila

    G. Manuel G. Tomas
    Puno ng Kagawarang Bokasyunal
    Mataas na Paaralang Araullo
    Maynila

4. Paunlarin mo…

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na pangungusap upang makabuo ng isang talata. Bilang lamang ang isulat.

1. Sa katunayan po, ako ang napag-uutusan ng aking amo sa pagbabayad ng mga bayarin sa bahay.

2. Mapagkakatiwalaan po ako at masipag sa paggawa ng mga gawaing-bahay.

3. Maaari po ninyong sangguniin si G. Santos na aking naging amo noong nakaraang bakasyon.

4. At napagbibilinan ng mahahalagang bagay sa tuwing umaalis silang lahat.

5. Wala po silang reklamo kung pagganap sa tungkulin ang pag-uusapan.

Gaano ka na kahusay?

Panuto: Punan ng angkop na impormasyong makikita sa ibaba ang bawat patlang sa bawat bilang.

1. 1365 Ricafort Street
   Tondo, Manila
   _____

2. The Central Recruitment Office
   Rustan Investment and Management Corp.
   _____
3. Lubos na gumagalang,
   _____

4. Ayon po sa _____, 2005, napag-alaman kong ang inyong kumpanya ay nangangailangan ng kalihim.

5. Natapos ko po ang kursong bokasyonal sa _____

Pagpipilian:

Ang nagmamahal
pahayagang Malaya
Eugenia Arellano
Mataas na Paaralang Torres noong Marso, 2004
2150Almeda Bldg., Pasong Tamo
Marso 30, 2004
karatula ng inyong bahay

Susi sa Pagwawasto
(Mga Sagot)

Anu-ano ba ang alam mo?

1. 2
2. 1
3. 6
4. 5
5. 3
6. 7
7. 4
8. 8

Anu-ano na ang mga tiyak na alam mo?

1. pamuhatan
2. bating pambungad
3. katawan ng liham
4. bating pangwakas
5. lagda

kahit di sunud-sunod

Alamin mo….

1. pagbuburda
2. abaka
3. tumawag sa telepono
4. hapon
5. karatula

Gawain 1

1. liham-pag-aaplay
2. liham sa puno ng barangay
3. liham-patnugot
4. liham-paanyaya
5. liham-pahintulot

Gawain 2

Pamuhatan	Patutunguhan	Bating Pambungad	Nilalaman	Pangwawakas na Pananalita	Bating pang-wakas	Lagda
2005 Tayuman St. Sta. Cruz, Mla. Agosto 20,2005	G. Cristobal Perez Punong Barangay Barangay 373, Sona 38	Mahal na G. Perez	Hinihiling ko po sampu ng mga kasama namin dito sa pook na kung maaari ay magtayo	kami po ay umaasang inyong pauunlakan ang aming kahilingan	Lubos na gumagalang	Salvador Villanueva Pangulo, Samahan ng mga kabataan

			kayo ng center para sa mga kabataang huminto sa pag-aaral			

Gawain 3
1. Dasmariñas, Cavite
2. Fairview, Quezon City
3. Hulyo 10, 2005
   Daily Bulletin
4. mekaniko
5. Motorworks
6. Cesar Domasian
7. liham-pag-aaplay
8. 6
9. interbyu

Gawain 4
1. C
2. C
3. D
4. A
5. C
6. D
7. B

Layunin mo…
1. B
2. A
3. C
4. B
5. A
6. B
7. C
8. A
9. D
10. A

Subukin mo…
1. liham-pag-aaplay
2. liham-paanyaya sa isang panauhin
3. liham sa puno ng barangay
4. liham-pahintulot
5. liham-subskripsyon

Paunlarin mo…
1. F
2. E
3. C
4. H
5. G

Aralin 2
Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?

I. Mga datos sa personal
1. Ortiz, Rebecca R.
2. 2906 Rizal Ave., Sta. Curz, Mla.
3. Setyembre 23, 1989
4. Walang asawa
5. Pilipino

II. Pag-aaral
6. Bonifacio Elementary School
7. 2004
8. Manila Science High School
9. 2005

Alamin mo…
1. Tapos ng haiskul
2. checker
3. magpadala ng aplikasyon
4. matapat at mapagkakatiwalaan
5. Novaliches, Quezon City

Gawain 1
1. G. Pablo Braceros
   Personnel Officer
   JEAR Publishing House
   2906 Sta. Cruz, Manila

2. Ako po ay labimpitong taong gulang at nasa ikaapat na taon ng mataas na paaralan

3. May karanasan na po ako sa pagiging mensahero. Ito po ang naging trabaho ko sa tanggapan ng aking tiyo noong nakaraang bakasyon kaya po alam ko ang pasikut-sikot dito sa kalakhang Maynila.

4. Hinggil sa aking magiging kakayahang gumanap sa iba't ibang trabaho, makapagtatanong po kayo sa principal ng aming paaralan, si G. Ferdinand Tentoso

5. At sa aking gurong tagapayo na si Bb. Gloria Apolinario ng Mataas na Paaralang Ramon Magsaysay

6. Handa po akong makipanayam o kumuha ng pagsusulit na ibibigay ng inyong tanggapan anumang araw o oras na inyong itakda.

7. Lubos na gumagalang,
   Oscar Hernandez

Gawain 2

A.

1. .
2. .
3. .
4. ,
5. .
6. :
7. .
8. .
9. ,
10. -
11. .
12. .
13. ,
14. .
15. :
16. .
17. ,
18. ,
19. ,

B.

1. sentral
2. kard
3. quadrangle
4. kwalipikasyon
5. Sto. Niño
6. La Tondeña
7. jam, pinya
8. sabjek
9. virus
10. volleyball
11. eksam
12. facileytor

C.

1. nabasa
2. nag-aksaya
3. nagtrabaho
4. nag-aaral
5. tumutulong
6. humahanap
7. lumiliban
8. itatakda

C.

1. isahan
2. isahan
3. isahan
4. isahan
5. maramihan
6. isahan
7. isahan
8. isahan
9. isahan
10. isahan

Gawain 3

1. 3	6. 8
2. 2	7. 5
3. 9	8. 7
4. 10	9. 1
5. 6	10. 4

Gawain 4

1920 Dagupan
Tondo, Manila
Marso 23, 2005

Gng. Diana Benitez
Tagapamahala
JEA Publication
Cubao, Quezon City

Mahal na Gng. Benitez:

Nabasa ko po ang inyong anunsyo sa pahayagang Daily Bulletin noong Marso 22, 2005 na kayo ay nangangailangan ng taga-edit. Hinihiling ko pong ipaubaya ninyo sa akin ang naturang puwesto.

Nagkaroon po ako ng karanasan bilang taga-edit sa aming pahayagang pampaaralan at namasukan na rin po sa F&B Publishing House bilang katulong sa pag-eedit. Malawak po ang aking karanasan sa pag-eedit at sanay na sanay sa mahihirap na gawain.

Nakahanda po ako sa isang panayam na inyong itatakda.

Lubos na gumagalang,
Evelyn Jimenez

Sanggunian:

Gng. Eugenia R. Gorgon
Punong-guro
Perfecto High School

Gng. Carmen Polecina
Guro, Pamamahayag
Perfecto High School

Lagumin mo…

1. F
2. A
3. L
4. J
5. B
6. D
7. K
8. G
9. I
10. C

Subukin mo…

1362 Rubi Street
san Andres Bukid, Manila
marso 25 2005

Ang Tagapamahala ng Tauhan
National Casa Register Corporation
Ayala, Makati

Mahal na Ginoo:

Napag-alaman ko po sa Booklet, Jobs in Manila, 2005 na ang inyong kumpanya ay nangangailangan ng tatlong Machine operator para sa pagpapalimbag. Hinihiling ko po na ipaubaya sa akin ang isa sa mga puwesto.

Ako po ay labinsiyam na taong gulang, binata at may malusog na pangangatawan. Natapos ko po ang kursong bokasyonal sa Rodriguez Vocational High School noong Marso, 2003. Dito, nagkaroon ako ng dalawang taong pag-aaral sa kursong Machine operator. Dalawang bakasyon po akong tumulong sa gawaing ito bilang Aprentis sa pagawaan ng NRC sa Makati, Rizal. Tatlong seminar na po ang aking nadaluhan tungkol sa kursong natapos ko. Kalakip po ng liham ang mga katibayan ng aking pagdalo.

Handa po ako sa pagsusulit na ibibigay ng inyong kumpanya.

Mapitagang sumasainyo,
Gorge S. Conchu

Sanggunian:

Dr. Hilarion Mudas
Pangulo
Rodriguez Vocational High School
Pandacan, Maynila

G. Manuel G. Torres
Puno ng Kagawarang Bokasyonal
Mataas na Paaralang Araullo
Maynila
Paunlarin mo…
1. 2

2. 1
3. 4
4. 5
5. 3

Gaano ka na kahusay?

1. Marso 2004
2. 2150 Almeda Bldg., Pasong Tamo
3. Eugenia Arellano
4. Pahayagang Malaya
5. Mataas na Paaralang Torres noong Marso, 2004

Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon

	Pagsasalita	Pagbasa	Pagsulat	Pamagat
Modyul Blg. 5	Nakapagbibigay reaksyon sa isang tiyak na modelo	Nakakikilala ang iba't ibang uri ng liham-pangangalakal Nakapaghahanay-hanay ng mahahalaga at mag-kakaugnay na impormasyon Natutukoy ang mahalagang detalye o impormasyon na nabasa		Pagsulat ng liham-pangangalakal na nag-aaplay sa trabaho
	Nagagamit nang wasto ang mga kaalaman sa *wastong gamit sa bantas *wastong baybay *kawastuang gramatikal		Naisasagawa ang pagsulat ng isang liham-pangangalakal na nag-aaplay sa tulong ng kaalaman sa wastong pormat at nilalaman Nakasusunod sa tiyak na modelo	

			nakasusulat ng isang maayos na liham-pangangalakal na nag-aaplay	